
**GRADE IV**
**PANGANGALAGA NG MGA HALAMAN**

## ALAMIN MO

***Tulad ng tao, kailangan din ng mga halaman ang kalinga at sapat na panahon para sa pag-aalaga. Sa isang magsasaka, ang pagtatanim ay isang gawaing maipagmamalaki lalo na kapag maunlad ang ani. Naririto ang ilang paraan upang matiyak ang maunlad at masaganang ani. Matututuhan mo ang lahat ng ito sa modyul na ito. Magpatuloy ka.***

## PAG-ARALAN MO

### A. Pagbubungkal



Ito ay isang paraan ng pagpapaluwag ng lupa. Kapag maluwag na ang lupa, madaling bunutin ang mga damo. Kailangang alisin ang damo upang hindi nila maagawan ng sustansiya ang mga tanim.

- Madaling darami ang mga ugat ng tanim
- Madaling mararating ng tubig ang mga ugat. Higit na malusog ang halaman kapag maraming ugat
- Maluwag na makakapasok ang hangin sa halaman

Bungkalin ang lupa kung ito ay mamasa-masa. Ito ay ginagawa kung hapon o kaya sa umaga. Gawing katamtaman ang pagbubungkal. Dapat bungkalin nang mababaw lamang ang mga halamang gulay.

**B. Pagdidilig**



Ang mga halamang gulay ay kailangang diligin araw-araw. Ang mga halamang ugat naman ay kaunting tubig lamang ang kailangan.

Diligin ang mga halaman sa hapon o sa umagang-umaga. Ingatan ang pagdidilig upang hindi mapinsala ang halamang didiligan. Iwasang malunod ang halaman, lalo na yaong mga bagong lipat na punla. Iwasan ang malakas na pagbuhos ng tubig. Kung ang gamit mo ay rigadera kailangan iyong maliliit lamang ang butas.

Upang manatiling mamasa-masa ang lupa, diligin din ang lupang nakapaligid sa mga tanim.


## C. Paglalagay ng Abono




Nakadaragdag sa sustansiya ng lupa ang paglalagay ng abono. Isa ito sa mga paraan ng pagpapataba ng mga halaman.


Maaaring gumamit ng abonong organiko o komersiyal. Ang organikong abono ay maaaring dumi ng hayop o compost. Maaari mong gawin ang sarili mong compost o kaya ay bumili ng abonong komersiyal. Hugasang mabuti ang iyong mga kamay pagkatapos maglagay ng abono

## D. Pag-aalis ng Damo sa Halamanan




Dapat laging alisin ang mga damong tumutubo sa paligid ng halaman upang hindi nila maagawan ng sustansiya ang mga tanim. Nagdadala rin ito ng mga kulisap at sakit. Ang damo ay dapat alisin paglitaw sa lupa.

**E. Sinsinin ang Lupa**



Pagkatapos mong alisin ang mga damo sa paligid ng halaman kailangan mong takpan ng lupa ang ugat at sinsinin ang lupa sa pagitan ng tanim.

**F. Paglalagay ng Tabing**



Ingatan ang mga bagong tanim laban sa init ng araw, hangin at sa lamig. Ang papel, dahon o saha ay pwedeng gamitin. Huwag pabayaan ang mga ito na nakatakip sa halaman kung hindi na kailangan.

**G. Paglalagay ng Bakod o Tulos**

Lagyan ng harang ang paligid ng pananim. Ang paligid ng taniman ay dapat bakuran. Ang bakod ay humahadlang sa pagpasok ng mga hayop na sumisira at kumakain ng mga alagang tanim.

**H. Paglalagay ng Tabing**

Puksain ang mga peste at kulisap. May mga insekto at kulisap na maaaring tanggalin sa pamamagitan ng mga kamay. Ang mga itlog nito ay maaaring tanggalin ng ating kamay o maaari ring budburan ng pulbos ng tabako sa magkabilang gilid ng dahon kung basa ito ng hamog. May mga insekto ring dumadapo sa pananim na kailangang puksain sa pamamagitan ng pagbobomba ng mga gamot laban sa mga ito. Gawing maingat ang paggamit ng mga pambombang gamot. Lagyan ng takip ang ilong at bibig upang hindi malanghap ang kemikal na ginagamit na maaaring magdulot sa atin ng sakit kapag hindi wasto ang paraan ng paggamit nito.

## SUBUKIN MO

Basahin ang mga sitwasyon at isulat ang titik ng wastong sagot.
Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa paghahalaman, binibigyan ng pansin ang wastong paghahanda at pangangalaga ng tanim upang maging mabuti ang pagtubo ng mga halaman. Alin sa mga sumusunod ang inilalagay sa lupa upang magkaroon ng sustansiya ang mga pananim?

   A. Mga kahoy
   B. Mga bulok na binhi
   C. Abonong organiko
   D. Mga nasirang pagkain

2. Maayos na ang punlang pananim na inaalagaan ng mga bata ngunit ibig pa nilang maging malago ang mga ito. Ano ang dapat nilang gawin?

   A. Diligin ng sobrang tubig
   B. Sugpuin ang mga peste't kulisap
   C. Bisitahin ito ng madalas
   D. Hayaan ang mga damong tutubo sa paligid nito

3. Ang mga nasa ibaba ay ilan sa mga natutuhan mong wastong pangangalaga ng mga halaman. Alin ang di dapat?


   A. Paglagay ng sobrang tubig
   B. Pagpuksa sa mga peste at kulisap
   C. Paggamit ng pataba mula sa mga nabubulok na bagay
   D. Paglagay ng bakod

4. Mahilig sa paghahalaman si Mang Abe. Marami siyang ipinunlang buto ng talong. Upang pangalagaan ang mga ito sa init ng araw, alin sa mga sumusunod ang tamang oras ng paglilipat ng punla?

   A. Pagsikat ng araw
   B. Katanghaliang tapat
   C. Hapon o kulimlim na ang araw
   D. Sa pagitan ng ika-10 at ika-11 ng tanghali

5. Lalong kailangan ng mga pananim ang wastong pagdidilig upang sila ay maging malusog at lumaking malago. Kailan at anong oras dapat magdilig ng pananim?

   A. Araw-araw sa may bandang umaga at hapon
   B. Araw-araw tuwing tanghaling tapat
   C. Minsan isang lingo at maaga
   D. Bago sumapit ang ika-12 ng hapon



## TANDAAN MO



- Sundin ang mga paraan ng pangangalaga ng halaman o tanim
- Gamitin ang angkop na kagamitan at kasangkapan sa pangangalaga ng tanim
- Mag-ingat sa paggamit ng gamot



**ISAPUSO MO**

- Pagkatapos mong pag-aralan ang wastong pangangalaga ng halaman, ano ang dapat mong gawin para maibahagi ang iyong kaalaman sa kaibigan?




**GAWIN MO**

A. Awitin sa himig ng Paruparong Bukid.

> Alagaan natin ang mga halaman
> Ito ay katulong sa 'ting kalusugan
> Kabuhayan natin ay madaragdagan
> Sa halamang ating inaalagaan.
>
> Damo ay alisin sa paligid nito
> Diligin ng tubig lagyan ng pataba
> Sinsinin ang lupa matapos bungkalin
> Ating mga tanim tataba't lulusog.

B. Iguhit sa iyong kuwaderno ang mga kagamitan sa pangangalaga ng halaman at ilagay sa album.





## PAGTATAYA

Lagyan ng tsek (√) ang hanay ng OO kung nagawa mo ang isinasaad sa bawat bilang o di kaya lagyan ng tsek (√) ang hanay ng HINDI kung hindi mo nagawa ang isinasaad sa bawat bilang.

| Pamantayan | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Naalis mo ba ang mga damong tumutubo sa paligid ng halaman? | | |
| 2. Nalagyan ba ng pataba ang lupa bago taniman? | | |
| 3. Sininsin mo ba ang lupa sa paligid ng halaman? | | |
| 4. Nilagyan mo ba ng tabing ang mga bagong tanim na halaman? | | |
| 5. May harang ba ang mga halaman para hindi sirain ng mga hayop? | | |
| 6. Inalis mo ba ang mga itlog ng insekto at kulisap na dumikit sa mga dahon ng halaman? | | |
| 7. Diniligan mo ba ang halaman sa tamang dami at tamang oras? | | |
| 8. Gumamit ka ba ng wastong kagamitan sa pag-aalaga ng halamanan? | | |
| 9. Nilinis mo ba ang mga ito pagkatapos mong gamitin? | | |
| 10. Naghugas ka ba ng kamay pagkatapos mong gumawa? | | |



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging Pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**

